



# Magkasamang paglikha ng isang inklusibong komunidad



Filipino

## Dokumento ng Buod ng Konsultasyon

### Paggawa ng gabay para sa pagsasali ng mga taong may kapansanan sa mga pagtasa

Dokumento ito ng buod ng konsultasyon. Nagbibigay ito ng mabilis na pangkalahatang pagtunghay sa pagsasali ng mga taong may kapansanan sa mga yugto at mga prinsipyo ng pagtasa. Humihiling kami ng mga halimbawa kung paano maaaring isali ang mga tao sa bawat yugto at para sa mga komento tungkol sa mga prinsipyo. Ang konsultasyon ay nagbibigay ng karagdagang mga detalye tungkol sa bawat yugto, sa mga prinsipyo at may mga karagdagang tanong.

Ang *Australia's Disability Strategy 2021-2031* (Istratehiya sa Kapansanan ng Australya 2021-2031) ay isang plano upang gawing mas mabuti ang buhay para sa mga taong may kapansanan.

Sa ilalim ng planong ito, susulat ng gabay tungkol sa mga pagtasa ang Pamahalaan. Titiyakin ng gabay na ito na ang mga taong may kapansanan ay kasali sa mga pagtasa tungkol sa mga polisiya, programa at serbisyo na mahalaga sa mga taong may kapansanan.

Tutulong sa Pamahalaan ang mga pagtasa upang malaman kung ano ang gumagana nang mahusay at paano mapapabuti ang mga bagay para sa mga taong may kapansanan.

Nais naming malaman ang iyong opinyon tungkol sa mga dapat mangyari sa bawat yugto ng isang pagtasa at tungkol sa mga prinsipyo para sa pagsali sa pagtasa ng mga taong may kapansanan.

#### 1. Pagdisenyong yugto

Ito ang yugto kung saan pinaplano ang mga bahagi ng pagtasa. Maaaring kabilang dito ang:

- kung ano ang sinisikap malaman ng pagtasa.
- kung sino ang dapat masangkot.
- kung sinu-sino ang nasa pangkat ng pagtasa.
- ang uri ng pagtasa. Halimbawa, mga tanong sa online, harapan o sa mga grupo.



#### Magbigay ng iyong opinyon:

**Paano natin matitiyak na kasali ang mga taong may kapansanan sa yugtong ito ng pagtasa?**

## 2. Yugto ng Pagpapatupad at Pagsusuri

Ito ang aksyong bahagi ng pagtasa. Maaaring kabilang dito ang:

- Paghiling sa mga taong may kapansanan na sagutin ang mga tanong para sa pagtasa.
- Pagtiyak na ang mga taong may lahat ng uri ng kapansanan at karanasan sa buhay ay maaaring sumali kung nais nila. Kabilang dito ang pagsasaalang-alang ng oras at pagsisikap tulad ng mga kabayaran o regalo para sa paglahok.
- Pagtingin sa lahat ng mga sagot at ang sinasabi ng mga ito sa atin.
- Pagbibigay ng oportunidad sa mga taong may kapansanan upang magprisinta ng mga resulta.



### Magbigay ng iyong opinyon:

**Paano natin matitiyak na kasali ang mga taong may kapansanan sa yugtong ito ng pagtasa?**

## 3. Mga aksyon mula sa yugto ng mga resulta

Sa bahaging ito ng pagtasa, gagawa ng mga desisyon kung ano ang gagawin sa mga resulta. Maaaring kabilang dito ang:

- Ano ang dapat baguhin ayon sa resulta ng mga sagot sa pagtasa.
- Paano matitiyak na ang mga taong may kapansanan ay makakapagbigay ng opinyon tungkol sa anumang mga pagbabago.



### Magbigay ng iyong opinyon:

**Paano natin matitiyak na kasali ang mga taong may kapansanan sa yugtong ito ng pagtasa?**

**May iba pa ba tayong dapat malaman para gawing mas mahusay ang mga pagtasa para sa mga taong may kapansanan?**

## Mga prinsipyo sa pagsangkot ng mga taong may kapansanan sa pagtasa

Ito ay buod ng mga prinsipyo:

- Dapat malaman ng mga taong may kapansanan ang tungkol, at pagsali, sa mga desisyon tungkol sa lahat ng mga bahagi ng pagtasa
- Ang mga pagtasa ay tungkol dapat sa kung ano ang mahalaga sa mga taong may kapansanan at paggawa ng mas mahusay na pamumuhay para sa kanila.
- Pagtiyak na lahat ng bahagi ng mga pagtasa ay maa-access ng mga taong may kapansanan

- Dapat isali ang mga taong may kapansanan na may iba't ibang karanasan (halimbawa. kasarian, lahi, lokasyon, kapansanan)
- Dapat isali ang mga taong may kapansanan sa pagprisinta ng mga resulta ng pagtasa at sa mga gagawin sa mga resultang iyon.



### **Magbigay ng iyong opinyon:**

**Mayroon ka bang anumang mga komento tungkol sa mga prinsipyong ito?**

**Mayroon bang anumang dapat idagdag o baguhin?**

**Para sa kabuuang teksto, karagdagang impormasyon at iba pang mga ideya tungkol sa komento (feedback) maaari mong ma-access ang Dokumento ng Konsultasyon sa:**

<https://engage.dss.gov.au/ads-consultations-develop-guide-evaluation>

## **Paano ka makakapagbigay ng komento**

### **Magpadala sa amin ng nakasulat na pagsusumite (submission)**

Maaari kang magpadala ng nakasulat na pagsusumite sa:

Australia's Disability Strategy Governance and Engagement Section  
GPO Box 9820  
Department of Social Services  
Canberra, ACT 2601

### **Web**

Sa pamamagitan ng website ng konsultasyon sa DSS Engage

I-download ang dokumentong ito ng konsultasyon

I-download ang bersyong Easy Read ng dokumentong ito ng konsultasyon

Mag-enter o mag-upload ng nakasulat na pagsusumite

Panoorin ang isang Auslan video

Gumawa ng video o audio recording: Kung gusto mong magpadala ng video o audio recording ng iyong pagsusumite, mangyaring bisitahin ang DSS Engage para malaman kung paano.

Kung mag-a-upload ka ng iyong pagsusumite sa online, kabilang ang paggamit ng online template, hihilingan kang magsabi kung gusto mong mailathala ang iyong pagsusumite sa website ng DSS.

Kung ipapadala mo ang iyong pagsusumite sa email o sa pamamagitan ng koreo, mangyaring sabihin mo kung gusto mong mailathala sa online ang iyong pagsusumite.

Ang mga tanong tungkol sa proseso ng konsultasyon ay maaaring idirekta sa [disabilityreform@dss.gov.au](mailto:disabilityreform@dss.gov.au)

Maaari mo ring tawagan ang Department of Social Services (Kagarawan ng mga Serbisyong Panlipunan) sa **1800 334 505**

**Ang Petsa ng Pagsasara para sa Pagsusumite ay sa Miyerkoles, ika-30 ng Nobyembre 2022 – 11:59 ng gabi**